Pangalan:_______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:______________Petsa Nang Natapos:______________Iskor:________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Mga Hamon sa mga Gawaing Pangkabuhayan

I. Panuto: Isulat ang Tama kung wasto ang nilalaman ng mga pahayag o Mali naman kung hindi ito wasto.

_______1. Isa ang El Niño sa mga hamon sa pagsasaka.

_______2. Isa ang patubig at irigasyon sa mga hamon sa pagsasaka.

_______3. Naghihirap ang mga magsasaka dahil sa labis na ani nila taon-taon.

_______4. Iba-iba ang hamong kinahaharap ng mga sektor ng pagsasaka at pangingisda.

_______5. Malaking tulong sa mga pangangailangan ng mga mamamayan ang mga produkto sa pagsasaka at pangingisda.

II. Panuto: Basahin ang diyalogo nina Bino at Karina tungkol sa mga suliraning pangkabuhayan. Pagkatapos, sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Masayang kinakausap ni Karina si Bino na napadaan sa tapat ng kanilang bakuran.

**Karina:** Magandang umaga, Bino. Kay aga mo naman! Saan ka ba pupunta?

**Bino:** Ikaw pala 'yan, Karina. Magandang umaga rin sa iyo. Nautusan kasi ako ni tatay na bumili ng mga punla dahil nasalanta ng bagyo ang lahat ng mga pananim naming gulay noong isang buwan. Isinaayos muna ni tatay ang mga nasira naming pananim.

**Karina:** Ganoon ba? Kaya pala walang mabiling gulay sa pamilihan ngayon. Mataas ang halaga ng mga gulay na galing sa karatiglalawigan natin. Dapat ngang maisaayos ang inyong gulayan. Pakisabi sa iyong tatay na maghanda rin sa panahon ng tagtuyot kasabay ng tag-init. Tiyak na hindi ito makabubuti sa inyong pananim.

**Bino:** Oo, Karina. May isinagawa nang plano si tatay tungkol diyan. Maiba ako. Nabalitaan mo ba kina Mang Delio na maraming lumutang na mga isda sa baybay-dagat? Wala tuloy silang maibenta sa pamilihan.

**Karina:** Iyon nga ang problemang pinag-uusapan sa barangay hall kahapon. Dapat malaman ang sanhi nito. Salamat sa impormasyon, Bino.

**Bino:** Walang anuman, Karina. Sige, maiwan na kita at tiyak na hinihintay na ako ng kausap ko sa mga punla.

1. Saan nagkita sina Bino at Karina?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang paksa ng usapan nila?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Bakit inutusan si Bino ng kaniyang ama?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Ano ang suliraning kinakaharap ng ama at ni Bino sa kanilang gulayan? Kina Mang Delio?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Sa iyong palagay, tama ba ang ginawang pagpaplano ni Bino at ng kaniyang ama? Ipaliwanag.

   ______________________________________________

   ______________________________________________